Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-23 NG DISYEMBRE, 2020 SA GANAP NA IKA-11:17 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 123 T. 2020**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, KGG. RODRIGO ROA DUTERTE SA PAMAMAGITAN NI MGGL. WENDEL E. AVISADO, KALIHIM - KAGAWARAN NG PAGBABADYET AT PAMAMANIHALA (DEPARTMENT OF BUDGET AND MANAGEMENT) NG TULONG PINANSIYAL NA ISANG DAANG MILYONG (P100,000,000.00) PISO UPANG ILAAN SA CONCRETING NG FARM TO MARKET ROAD MULA BARANGAY CALIRAYA HANGGANG BARANGAY BALUBAD LUMBAN, LAGUNA.**

**Akda ni: Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**

**SAPAGKAT,** ang mga daang sakahan mula sa Barangay Caliraya hanggang sa Barangay Balubad ay itinuturing na agricultural barangay na wala pang maayos at kongkretong daan;

**SAPAGKAT**, ang pagkakaroon nang maayos na daan ay magpapabilis nang pagdadala ng mga aning palay, gulay at prutas mula sa sakahan hanggang sa Pamilihang Bayan;

**SAPAGKAT**, ang kongkretong daan ay magpapa-angat din sa antas ng pamumuhay ng mga mamamayan na dito ay naninirahan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. na pinangalawahan ni Kgg. Orlando R. De Luna at sinang-ayunan ng lahat nang dumalo, ay;

**IPINASIYA,** tulad ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na mapitagang hilingin sa Pangulo ng Republika ng Pilipinas, Kgg. Rodrigo Roa Duterte sa pamamagitan ni Mggl. Wendel E. Avisado, Kalihim- Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamanihala **(**Department Of Budget And Management**)** ng tulong pinansiyal na Isang Daang Milyong (P100,000,000.00) Piso upang ilaan sa Concreting ng Farm to Market Road mula Barangay Caliraya hanggang Barangay Balubad Lumban, Laguna**.**

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas Kgg. Rodrigo Roa Duterte at ang Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamanihala

na pinamumunuan ni Mggl. Wendel E. Avisado at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayon ika-23 ng Disyembre, 2020**.**

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuan at katumpakan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**BELEN B. RAGA**
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon

Pinagtibay:

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*Xcerpt122320Res123*